

KUWADRO'T KONDENADO: ANG PAGTULA SA MGA LARAWAN, ANG PAGLALARAWAN SA MGA TULA

ni Paul Alcoseba Castillo



Si Paul Alcoseba Castillo ay nagtuturo ng panitikan at malikhaing pagsulat sa UST. Nagtapos siya ng MA Creative Writing at kasalukuyang tinatapos ang doktorado sa Panitikan sa UST. Siya'y mananaliksik ng UST Research Center for Culture, Arts and Humanities (RCCA). Kinilala na ang mga tula niya sa Carlos Palanca Memorial Awards for Literature (2018), Makata ng Taon: Talaang Ginto ng Komisyon sa Wikang Filipino (2017, 2018), at Maningning Miclat Poetry Awards (2013). Kasapi siya ng Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo (LIRA) at ng Society of Filipino Film Reviewers. Siya ang awtor ng Walang Iisang Salita na nagwagi sa National Book Awards (2019) at ang Lunas Sa Nabubuong Lubos na parehong inilathala ng UST Publishing House (2018, 2021).

Nang manalasa ang COVID-19, naging parusa itong ipinataw sa mga mamamayang pinilit makaluwas ngunit naipit sa kani-kanilang mga lugar at maging sa mga nakatira sa lungsod, lalo na nang unang ipatupad ang Enhanced Community Quarantine (ECQ) sa Kalakhang Maynila. Dito nanggagaling ang *Kondenado*, ang kalipunan ng mga tulang aking isinulat batay sa mga larawang kuha sa unang bugso ng kuwarantena. Maaaring may

dalawang kahulugan ang salitang piniling pamagat. Gayunman, bagaman masasabing pareho lang ang pinatutungkulan. ‘Kondenado’ bilang pagpapataw ng sentensiya, at ‘kondenado’ bilang pinabayaan o iniwan. Sa madaling sabi, negatibo ang parehong denotasyon at konotasyon nito: pagpapataw ng parusang pagkakakulong at kawalan ng aksiyon, na maituturing ding pawang parusa na rin sa mga táong makikitang mahuhuling palaboy-laboy libot-libot sa lungsod.

Hindi mapaghihiwalay ang ugnayan ng kambal na kahulugang ito sa konteksto ng pandemya maging sa tema’t paksa ng pagtanaw. Ang pagtanaw ay nagaganap mula sa punto de bista ng isang tila nakakulong (ang potograpo) sa loob ng tahanan sa mga inabandona (mga pinabayaan) sa labas. Dahil dalawahan ang prosesong ito, may posibilidad ding natatanaw ang nasa loob ng mga táong nasa labas, katulad ng binanggit ni John Berger sa kaniyang *Ways of Seeing* na “Soon after we can see, we are aware that we can also be seen.” (9) Ang nabubuong larawan at mga tula rito ng retratista at makata ay maaaring may katapat na pananaw mula sa tinututukan ng kamera. Ito ang ilan sa binibigyang boses ng mga tulang isinulat sa koleksiyon ng mga tula.




Fig. 1. Mapapansin dito na ang natatanaw gamit ang kamera’y may kakayahan ding ibalik ang pagtanaw hanggang walang balakid sa punto de vista.

Ang idea sa báhong koleksiyon ng mga tulang nakabatay sa mga retratong kuha ko’y naitanim nang mapakinggang magsalita si Aaron Chapman, Australianong potograpo, noong Asia Pacific Writers and Translators conference na ginanap sa Macau, China noong Oktubre 2019. Sa kaniyang panayam, binanggit niya kung paanong sa dami ng kaniyang mga napupuntahang mga lugar dahil sa kaniyang propesyon, nakakukuha siya ng mga larawan ng mga bagay na karaniwan at ng mga paboritong lugar na kaniyang nararating. Sa madaling sabi, mga payak na bagay, at ang mga ito ang tatambalan niya ng mga salita na kalaunan ay naging isang book project na. Bagaman Ingles ang kanyang pagtula sa mga larawan niya, napuna kong nananatiling pagtatangka lang ang ganitong uri ng proyekto. Sa wari ko, mababa ang antas ng panulat. Marahil may kinalaman ito sa pangunahing gawain niya; higit siyang potograpo kaysa manunulat. Baka maituturing pang caption lang ang mga ikinabit niyang mga salita.

Dahil sa panayam na ito, sumagi sa isip ko na maaari ko ring gawin ito, dahil bukod sa pagtula, matagal-tagal na rin akong kumukuha ng mga retrato, bagaman mga landscape at mga bagay lang ang mga subject na pinipili ko. Sa halip na mga simpleng pangungusap o mga caption, tula ang itatambal sa mga larawan. Naiba rin ang konteksto nito pansamantala dahil sa napahabang kalagayang panlipunan dama hanggang ngayon ng bansa. Sa halip na nakapagretrato ano mang sandali at sa kung saan-saan, naging dagdag na elemento ang restriksiyon na dala ng kuwarentena (ECQ) at ng ‘new normal’ sa paggalaw ng mga tao at serbisyo. Ang pananatili sa iisang lunan at pagtingin sa malayo ang tanging anyo ng pagpasyal na naiwan sa akin.

Sa paraang ito, nagkaroon ng limitasyon sa mga natanaw ko bílang potograpo at ito ang pumilit sa akin na gamitin ang kinaroroonan para hanapin ang anggulo ng mga bagay, tao, at pangyayari sa paligid. Ang ganitong limitasyon ay tinutugunan at pinupunan naman ng pagtula sa

naunang likha ng sining, ang retrato, na nagbibigay liwanag sa detalye at/o konteksto nito. Kumbaga, walang kalayaan ang bawat kuha at ang kalayaang magharaya ng tula ay napagsama rito para makabuo ng bagong kahulugan na hindi maibibigay kung mag-iisa ang magkaibang anyo ng sining.

Mga Kuha-rantine: Ang Maynila Bilang Kuwadro

Sa loob ng unang pagsasara ng Maynila at ng buong bansa nagsimula ang photo project na una kong tinawag na “Kuha-rantine.” Nagkataong isang linggo bago tuluyang ipatupad ang lockdown, habang abala ang lahat sa paglikas para makalabas ng lungsod at makauwi sa kani-kanilang pamilya, sa mga lalawigan, naipagawa ko ang nasira kong DSLR. Isang Nikon D90 model na mahigit isang taong nakatengga sa bahay. May ilang tumugon sa pagtatanong ko sa social media kung ano ang posibleng sira at kanino ito puwedeng dalhin para maipaayos. Lunes iyon, Marso 9, 2020 noong dinala ko ang kamera sa repair shop na suhestiyon ng mga kakilala. Nasaktuhang sinuspinde ng UST ang mga klase kaya maaga akong nakapunta sa may Santa Cruz, Maynila. Iniwan ko ang unit para ipa-diagnose at umuwi na ako.

Lingid sa akin na ang tuwa ko sa isang linggong suspensiyon nang Marsong iyon ang kahuli-hulihang beses na hahakbang ako papasok-palabas ng silid-aralan. Sa araw ding iyon, ipinabatid ng Malacañan na ipapatupad nito ang community quarantine, ang unang bersiyon nito, na tatagal ng isang buwan. Pero sa kulang pitong araw pang palugit para iwan ang lungsod, mula noong Lunes na ianunsiyo ang community quarantine at para paghandaan ang pagsasara ng Maynila, apat na araw lang ang inabot para magparamdam ang mekaniko at sabihing tapos na ang pagkompone sa nasirang piyesa. Kaya agad akong pumunta sa shop para kunin ang kamera.

Mula sa pagawaan, dumayo kami ng misis ko sandali sa isang mall sa Balintawak at doon, tumambad sa amin ang mahahabang pila ng mga namimili sa grocery habang umaalingawngaw ang tinig ng paalalang

huwag kukuha o maghahakot ng sobrang alkohol at tissue sa sound system. Naghapunan lang kami at agad nang sumakay para umuwi sa tinutuluyang paupahang condominium unit ngunit inabot na rin ng dilim. Kinabukasan, kahit tinanghali ng gising, labis na rin ang liwanag pero nagsimula akong pumitik ng ilang eksena sa España na tanaw sa aming palapag, para itala ang mga huling araw ng malubhang trapiko sa lungsod. Ito ang nagsilbing mga test shot ng bagong ayos na kamera. Gayundin, kinukunan ko ang Manila Bay tuwing dapithapon lalo pa’t kasagsagan iyon ng tinatawag na “the best sunset” dahil tag-init na halos noon. Kaya nang magtuloy-tuloy ang mga araw



na walang pasok, para na ring naging napaagang bakasyon ang lockdown. Narito ang “Manila Bay, 2020,” ang unang tula sa koleksiyon:

Sakit ang dilim na kumakalat
sa mga kalsada sa panig na ito
ng lungsod. At ganoon lang, guwang
ang mga gusaling nilisan ang loob
ng mga kaluluwang nagluwasan. Sa hanggahan
ng hapunan, nanghihiram tayo
sa naghihingalong liwanag sa langit,
sa kabila ng laot, lupa nang makapaghain
sa gabing sandali lang,
hindi na panandalian lang.

Gaya ng karamihan sa panahong iyon, na walang mapagkakaabalahan, lalo para sa amin ng misis kong naipit sa lungsod dahil piniling huwag munang umuwi sa takot na baka kami ang maging tagapagdala ng virus, ang pagbubukas ng bintana at pagpapahangin sa balkonahe para kumuha ng larawan ang isang naging libangan ko. Malaking tulong din na ang Manila Bay at bawat dapithapon dito ang view ng aming silid; kumbaga, picture-worthy ang natatanaw namin. Gayunman, ang mga naganap sa street-level ang higit na pumukaw sa sipat at lente ko dahil nagbago ang landscape ng lungsod sa paglipas ng mga araw.

Mula kalagitnaan ng Marso hanggang Hunyo ng taóng iyon, mahigit isang libong retrato ang nakunan mula sa iisang gusali ng studio unit na tinutuluyan namin habang pinahuhupa ang mga kaso ng nagkakasakit. Ang maliit na bahagi ng mga kuhang ito ang ipinaskil sa social media account ko sa ilalim ng album ng “Kuha-rantine,” na sa unang plano’y isang larawan bawat araw lang ang magiging post. Kung minsan pa nga’y wala akong mapiling matinong larawan para sa ibang mga araw. Ngunit dahil may mga araw na talagang extraordinary ang mga natatanaw at nakukunan, may mga araw na higit sa isa ang inilagay ko sa sariling social media account. Sa kabila nito, umabot lang sa 37 ang larawan sa nasabing album na nagsimula lang sa mga takipsilim, na kalaunan, nadagdagan na ng mga retrato ng mga gabi

sa Maynila, mga taong napilitang mamasukang nagbibisikleta papasok at pauwi, mga nagpapalipas ng hapon sa ibabaw ng kani-kanilang mga bubong, at iba pa. Lahat, sinikap na may kinalaman sa sitwasyon ng lungsod at ng mga taong nananatili at mga naglalabas-masok sa Maynila.

Nahinto lang ang pagkuha ko dahil kinailangan na naming iwan ang inuupahan kahit nakakonstrata pa, at bumalik na muna sa bahay ng mga magulang ng asawa ko. Itinaon namin ito sa pagluluwag ng ECQ na naging General Community Quarantine (GCQ) kaya, sinamantala namin ang pag-eempake ng mga mahahalagang gamit, kabilang ang kamerang naglalaman pa ng mga files ng mga kuha at ang mga journal at panulat, upang simulan na sana ang pagtula. Sa kasamaang palad, nabura ang mga larawang nasa Facebook at pitong buwan ang hihintayin bago mahinog ang sentral na idea, bago puluting muli ang panulat habang pinagninilayan ang una sa mga retratong magiging bahagi ng proseso ng *ekphrasis* (ang pagtula sa isang anyo ng sining na biswal). Mula nang iwan namin ang Maynila, Enero 2021 ko na sinimulang tulaan ang mga kuha kong retrato at natapos lang nang Abril ng taong iyon, bagaman may ilan pang kuhang dapat balikan at pinag-iisipan kung paanong tutulaan.

Sa mahabang panahong namagitan sa dalawang gawaing ito, waring nagkaroon ng bagong mga matang tumitingin sa mga imaheng nilikha. Nagsilbing pagbabalik-tanaw din ang pagharap sa bawat larawan at sa blangkong papel sa sandali ng pagtatangkang tumula. Napanumbalik ang mga danas na nadagdagan din ng mga mga impormasyong natutuhan ko at dapat sanay nabatid ko noong mga panahong napiit at naipit kami sa Maynila. Ngunit kahit ako ang potograpo at ang tutula sa mga iyon, hindi naging mabilis ang pagpapalit ng moda ko mula biswal patungong pasulat. Alam kong may ibang anyo ng pagtingin na hihingin sa akin ang pagtula kung ninanais kong magkaroon ng kahawig at kakaibang pagtutumbas sa mga larawan.

Paglalarawan ng Tula, Pagtula ng Larawan

Sa tulong ng pagsasama ng sining biswal, ang mga larawan, at ng panitikan, ang mga tula, ninais na makunan ang lunan na kinalagyan ko sa panahon ng ECQ at ang mga tao roon at pagkatapos ay makapagsulat ng mga tula batay sa nilalaman ng mga ito nang mailahad ang pangkalahatang kondisyon ng tao at ng lungsod habang hinaharap ang lumaganap na pandemya mula sa nakaraang taon. Sa ganang ito, ninais ng pagtula kong harapin ang ilang mga suliranin:

1. Paano maisasalin ang biswal, ang mga retratong naglalaman ng mga tao, mga lugar, at mga pangyayari sa panahon ng pandemya, bílang panitikan, ang mga salita sa loob ng tula at lalo bílang isang kalipunan ng tula?
2. Paano magtatagumpay ang pagdistansiya o paglayo, na ipinatutupad din naman sa panahon ng kuwarentena sa marami pang lugar, bílang proseso ng paglikha nang hindi lumalapit sa subheto ng larawan at ang dalawang beses na nakalayong proseso ng pagtula?
3. Paano makatutulong ang pinagsamang bisa ng dalawang anyo ng sining upang ilahad ang kondisyong ng lipunang Filipino sa pakikipaglaban sa paraan ng pag-iwas, pananatili sa loob ng kani-kanilang lunan, at paglayo sa iba, habang kabilang na dito ang potograpo/makata sa nagtatangkang maging ligtas?

Pagtanaw sa Naunang mga Panitikan

Isa sa mga naunang panitikang posibleng balikan at maituring na tradisyon ng tinangkang pagtula sa mga nakuhang mga retrato ang ilang koleksiyon ng mga tula.

Sa coffeetable book na *Mga Retrato at Rekwerdo* (1984) ni Rio Alma, Pambansang Alagad ng Sining para sa Panitikan, naging katuwang niya ang potograpong si Romeo Gacad. Tinulaan niya ang mga kuha ng buhay-pastoral na black and white upang mahúli ang esensiya ng mga ito sa sariling pagtula. Nakasalansan ang mga ito nang magkatabi sa pahina nang ilathala ito upang ipakita ang matalik na relasyon ng biswal at panitikan.

Ganito rin ang ginawa ng aklat na *Pictures as Poems & Other (Re) Visions* (2012) ni Marne Kilates. Nauna na at napagbalingan ng pansin ng makata ang mga likha ng sining na magkahalong retrato at pinta, saka niya tutulaan. Bukod sa aklat na ito, patuloy pa ring tumutula si Kilates hinggil sa mga larawan sa kasalukuyan, lalo na't isa rin siya sa mga masugid na tagahanga ng sining biswal at mahilig din kumuha ng retrato.

Ang susunod na koleksiyon ay hindi pa nailalathala bílang isang buong aklat pero ang paunang bersiyon ng *Manansala* (2014) ni Enrique Villasis, na mababasa sa website ng Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, at sa chapbook niyang *Pagsasala Kay Manansala* (2022), ay may katulad na paraan ng pagtula, bagaman mga ipinintang obra ng Pambansang Alagad ng Sining sa Pintura para na si Vicente Manansala, noong siya ay nabubuhay pa, ang paksa ng binubuo niyang koleksiyon ng mga tula.

Sa mga sarili kong akda, nagkaroon na ako ng ilang mga indibidwal na tula na gumagamit ng katulad na teknik. Sa aklat ko ng mga tula na *Walang Iisang Salita* (2018), tinulaan ko ang pamosong larawan na *The Vulture and The Little Girl* ni Kevin Carter na nagwagi sa Pulitzer Prize. Kasama rin sa aklat na ito ang akda kong *Pasensiya* na isang ekprastikong tula tungkol sa tatlong retrato ni Arlyn Romualdo na nakasama sa isang eksibit sa Conspiracy Bar. Ang tulang *Retratista* naman ay halaw sa sarili kong kuha noong panahon ng bagyong Pablo sa Hilagang Luzon.

Ngunit kahit nagagabayan ng estilo ng mga naunang pagtulang ekprastiko ang *Kondenado*, naging problematiko pa rin ang pagsusulat dahil baka nalalambungan ako ng prehuwiso ko bilang retratista ng mga tutulaang mga larawan. Nagkaroon ako ng pag-aalinlangan na hindi ko mabigyan ng hustisya ang bawat retrato o di naman kaya’y manatili ang pagkiling ko sa mga kuha.

Pagkukuwadro sa Sariling Pagtula

Kinailangang ko munang hanapin ang ugnayan ng retrato at ng wika para malapatan ng wastong lente ang pagtutumbas ng tula sa bawat larawan. Isa si Roland Barthes sa may pinakamalawak na paliwanag ukol sa sining ng potograpiya at sa kaniyang *Photographic Image* (1977), ang larawan bilang isang sining na gumagaya’y may dalawang taglay na mensahe: ang denotasyon, ang nilalaman nito, at ang konotasyon, ang paraan kung paanong ang naipapahayag ng lipunan ang naiisip nito hinggil sa nasabing sining. (17)

Bagaman likas nang taglay ng larawan ang konotasyon nito, ang paglalapat ng salita dito ay may natatanging relasyon. Maaaring dati, ang larawan ang nagbibigay-liwanag sa teksto, ngunit nagbabago ito, ani ni Barthes: “Sometimes, however, the text produces (invents) an entirely new signified which is retroactively projected into the image, so much so as to appear denoted there.” (27)


Kung gayon, sa ekphrasis naglalapat ng ibang kahulugan ang wika sa nilalamang denotasyon at lalo sa konotasyon ng larawan. Ganito rin ang paliwanag ni Heffernan nang linawin niya ang modernong depinisyon ng ekphrasis at ang silbi ng wika sa prosesong ito. Sa kaniyang *Ekphrasis and Representation* (1991), may pagkukuwentong nagaganap dito na hindi nahihinto lang sa paglalarawan sa espasyo sa loob ng naturang sining.

Bagkus, pinapalaya ng wika ang mga restriksyon ng tinatawag na graphic art at nagtataglay ang nauna ng naratibo upang paglawin ang huli. Dagdag niya:

I want to consider one other strand in the ekphrastic tradition: prosopopoeia, or the rhetoric technique of envoicing a silent object. Etymologically, ekphrasis means simply “speaking out” or “telling in full.” (302)

Dahil sa prosesong ito, nagkakaroon ng boses ang walang kakayahang magsalita, iniaatang din sa tula, isang anyo ng paggamit ng wika sa masining at matalinghagang paraan, ang paglalahad ng hindi tuwirang ibinibigay ng mga larawang katumbas.

Gayunman, dahil ang mga kuhanang larawan sa proyekto ay malalayong pagtanaw at mga representasyon ng mga bagay na lumipas na, at ang mga tula ay dalawang ulit nang malayo sa espasyo at panahon ng mga pangyayari sa lungsod noong ECQ, ibinabatay ng pagtula ko rito ang mga pahayag ni Barthes sa *Camera Lucida* (1981) hinggil sa *studium* at *punctum*. Ang *studium*, ayon sa Pranses, ay hiniram niya sa wikang Latin upang ipakahulugan sa interes sa maraming retrato bilang mga patunay ng tinataglay na politika, mga tala ng kasaysayan, o mga bahagi ng kultura para makisálo sa nilalaman ng mga ito. (26) Samakatuwid, ito ang dahilan ng pakikisangkot, ng pagnanasa o paglayo sa piniling ipatatanaw na imahen ng potograpo at sa kaniyang layunin sa pagtala sa sandaling iyon. Sa kabilang panig, ang *punctum* nama’y isang detalyeng sapat ang laki upang mapansin na humihimok para makisimpatiya. (43) Ganito ang nilalaman ng tulang “Meditasyon” hinggil sa larawan ng natanaw kong nagme-meditate sa isang umaga sa katabing gusali malapit sa Welcome Rotonda:



Taimtim siyang nagninilay
sa pagitan ng Maynila at hinaharap
ang paglanghap-pagbuga
sa natitirang hamog ng umaga.
Dahil dadaloy nang muli
ang trapiko ng mga inaalala
sa lansangan ng isip na lagi
at lagi lang ding binubungkal
ng bagabag sa tuwing may binabaryl
sa gabi, ang bulungan ng inip
sa pilang papalapit sa ayudang
pinapalitan ng duda, kaluskos
ng suwelas ng kinakaladkad na
mga paa ng walang masakyan.
Bababa siya mulang ibabaw at magbababad
sa bumagal nang panahong inaabala
ng bala't panlalabag. Ngunit imumulat
muna niya ang magkalapat na mga palad
at mahahanap ang ilahas na landas
ng mga sandaling nagsasanga-sanga
ngunit hindi maaari.

Ang “paglayo,” kung gayon, ay pumapasok pagkatapos lumipas ng sandaling itinala ng kamera, ng potograpo, sapagkat nailalahad lang ang punctum kapag wala na ang larawan. Ani Barthes, “the punctum should be revealed only after the fact, when the photograph is no longer in front of me and I think back on it.” (53) Bahagya itong katulad ng estetikong paglayo ng isang manunulat sa paksang kaniyang sinusulat. Ngunit dito, dahil iisa ang makata at retratista, magkakambal ang paghakbang papalayo sa nakunang imahen bago humakbang naman pabalik para magsusulat ng tula. Ang muling pagpasok ng retratista-makata ay ipinaliwanag naman ni Heffernan. Giit niya, sa halip na panandaliang huminto at magnilay malayo sa imahen, ang makata’y binabasa ang biswal na larawan bilang teksto. (299) Dahil ang retrato ay produkto ng mekanikasyon, hinihingi nito ang pagpapalipas sa sandali (maigsi man o mahaba), kaya ang “pagbásang” pinatutungkulan ay may distansiya na rin sa panahon.

Kahit ang paglayo sa espasyo at panahon ang punto ng mga imahen at salita, may kakayahan ang tambalang ito na maipaarok sa tumatanaw at nagbabasá sa larawan at tula ang buong larawang higit pa sa mga kuwadro nito. Kung babalikan si Barthes, ang punctum ang gumagambala sa studium dahil may kakayanan iyon para umangat sa larawan at antigin ang sino mang nakatingin. (27) Gaya sa paglilinaw ni Heffernan sa halimbawa niyang *Ode to a Grecian Urn* ni John Keats, hindi maihihiwalay sa tula ang pagsusuri ng makata sa tinutulaang representasyon. Para sa modernong pagpapakahulugan ng ekphrasis, sa ganitong uri ng tula, nagiging aktuwal ang kakayahan na kuwestiyunin at hamunin ang sining na bibigyang-pugay nito. (309) Sa ganito, bagaman naihiwalay na ng retratista-makata at maging ng tumatanaw-nagbabasá ang kanilang sarili sa sandaling nakunan, may tumitimo sa diwa matapos makita’t mabasa ang dalawang anyo ng sining. Kaugnay nito ang muling-pagpapatanaw sa kalagayang iniwasan, iniwan, o

pinalilipas upang magkaroon ng sariwang pananaw sa kondisyong maaaring ayaw nang balikan at alalahanin pang muli.

Mga Kuha ng ‘Kondenado’

Naging batayan ng pagbuo ng koleksiyong ito ang mga sinabi patungkol sa potograpiya ni Susan Sontag sa “In Plato’s Cave”, ang isa sa mga matibay na pag-aaral at obserbasyon sa nasabi sa sining na ito. Ayon sa kaniya, “Photography is a new visual code,” (1) kaya ang mga kuha na basehan ng mga tula ay kakailanganing basahin ding maigi para magkaroon ng susi sa pag-unawa bago ito tulaan kahit pa iisang tao lámang ang kukuha ng retrato at ang makata.

Dahil naitatala nga ng kamera ang kahit ano, lalo pa sa panahon na digital na ito, dapat ding balikan ang sinabi niya hinggil sa pagiging ebidensiya ng larawan— na *maire-record* ng may hawak ng kamera ang tala ng kasaysayan at bahagi nito ang pag-aabang sa pagtatapos ng nakatatakit na giyera sa isang sakit na hindi nakikita o naoobserbahan. At ito rin ang ninanais na makunan, ang imbisibol na kalaban, sa maliit na puwang ng viewfinder o ng iskrin ng kamera.

Sa dami ng naghihirap at pinahihipapan pang lalo sa panahong ito, mahalagang pagbatayan din ang kakayahan ng kamera na huwag makialam sa mga nagaganap sa paligid. At ang kataga ni Sontag na “photography is essentially an act of non-intervention and an act of participation” (8) ay dobleng talim na punyal na kakayahan ng retratista at ng makata sa panahong ito ng pagdistansiya sa iba. Mula sa pangangailangang mapanatili ang *focal distance* – ang sapat na layo ng kamera para makunan ang imahen ng maayos – hanggang sa pagsusulat hinggil sa naging retrato sa isang silid malayo’t pagkatapos ng pangyayari, maari talagang maparatangan ang retratista-makata ng kawalang-pakialam. Gayunman, sinisikap pa rin ng mga produkto

ng dalawang sining na ito ang makapagsilbi at makapagpakintal sa isip at puso ng makatatatanaw-babasa.

Kaya sa huli, pinag-iisipan nang malalim ang posibilidad na makunan ang kalungkutan ng tao sa gitna ng krisis na ito dahil, ayon muli kay Sontag, “photography is an elegiac art,” (11) at sa anyo ng sining na ito, mailalahad ang yumayao, tao man o ibang nilalang o pangyayari at nagkakaroon ng dulot ang mga retrato upang mapanatili ang anumang nawala sa piling ng mga táong naiwang nabubuhay sa daigdig.



SANGGUNIAN

Almario, Virgilio S., and Romeo M. Gacad. *Mga Retrato at Rekwerdo*. Aklat Peskador, 1984.

Barthes, Roland. *Camera Lucida: Reflections on Photography*. Translated by Richard Howard, Hill and Wang, 1981.

Barthes, Roland. "The Photographic Image" *Image, Music, Text: Essays Selected and Translated*. Translated by Stephen Heath, Fontana/Collins, 1977.

Berger, John Peter. *Ways of Seeing: Based on the BBC Television Series*. Penguin Books, 1990.

Chapman, Aaron. "Word, Image, Screen." *Asia Pacific Writers and Translators Macau*. 7 Oct. 2019, University of Macau.

Heffernan, James A. "Ekphrasis and Representation." *New Literary History*, vol. 22, no. 2, 1991, pp. 297–316., doi:10.2307/469040.

Kilates, Marne. *Pictures as Poems & Other (Re)Visions*. University of Santo Tomas Publishing House, 2012.

Sontag, Susan. "In Plato's Cave." *On Photography*. Rosetta Books, 2005.

Villasis, Enrique S. "Manansala." *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature*, vol. 8, 2014, pp. 227–232, <https://www.journals.upd.edu.ph/index.php/lik/article/view/5081/4586>.

_____. *Pagsasala Kay Manansala*. Aklat Ulagad Chapbook Series, 2022.